

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[Aired on 22 March 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang araw o gabi, kailanman ito ilabas na video na 'to para sa bayan at malaman ninyo kung ano ang nangyayari kunin ninyo dito sa programa ko na sabi ko dito ninyo malaman 'yung totoo.

Itong programa na ito hindi ito para sa — well, to foist a lie sa taong-bayan. It's good to connect with you and I'd like to tell you the things that I did during the last few days.

I'd begin with my visit to Tacloban. I led the inauguration of the new Leyte Provincial Capitol and the distribution of certificates of land ownership awards (CLOAs) to agrarian reform beneficiaries including former rebels. I also distributed housing units at the Peace and Prosperity Village to former rebels. Iyong linya ko na mag-surrender na kayo, mag-usap kayo, at maghanap kayo ng trabaho, tutulungan kayo namin, ita-train kayo ng TESDA kung wala kayong skills. Ito 'yan, may lupa kayo at may bahay kayo sa Leyte. Hindi man lahat pero hindi naman kayo siguro umabot ng 50 — 50,000.

Kung may — kung naririnig ninyo ako ngayon, pumunta na kayo sa gobyerno, sa pulis, o sa the military operating in your areas, mag-surrender na kayo. And well, ito sabi ko kinuha — hini-jack ko 'yung propaganda, the one propaganda that the communists, the terrorists are relying is noon walang lupa. Now, I have distributed something like 160 — 100,000 hectares ang naibigay ko na. At 'yung pabahay gawin natin malista lang naman kayo and I hope the next administration will continue with this ELCAC.

Alam mo 'yang ELCAC sinasaway ng mga kapartido sa labas sa aming grupo, I mean the opposition or the ones opposing us, I was been criticizing about wala tayong ginawa sa mga itong rebelde. Kaya sabi ko sa mga komunista, lumabas na kayo tutal kung may panahon pa maski malista lang kayo, masali kayo sa land reform. Ito may sariling bahay at may sariling lupa.

Hindi lang naman malaki kasi marami na. You know we cannot afford to be just giving lands to everyone because ang focus nitong — I mean the target, the objective is for the communists to go back to the folds of the law. Ang aming akong inuudyok ko lahat na huwag kayong sumali diyan sa mga rebelde na kasabwat 'yung mga miyembro ng mga political parties sa kabila.

At this time, I am not ready to mention the names or name but mayroon tayong mga partido headed by someone running for the presidency and yet they are also playing into the hands of the communists mismo. I think they have been infiltrated.

Kaya ako pati 'yung gobyerno iyon ang worry ko. Actually iyon ang talagang nasa isip ko 'pag hindi — kagaya nitong ELCAC, it's a very good program. It has helped a lot of the rebels find their way into the mainstream of society at makisali kayo... Hindi man kayo mabigyan kaagad,

just be patient. But kung sana halos lahat nabigyan ko... Let's — tingnan natin 'yung mga bahay na nabigay sa mga rebels at 'yung lupa. May footage ito?

[plays video]

So 'yun, special program for the rebels. Mag-surrender na kayo kasi nandiyan ang ELCAC matulungan kayo mga rebelde.

Ito namang sa COVID tayo papag-usapan. The numbers are very low compared to the population. But you know itong mask na ano maraming nagtatanong, alam mo I am not ready to order the removal of the mask. Pero siguro 'yung plastic na ano cover puwede na 'yun pero it has I said it has done a lot of good that prevented the contaminations from spreading. So matagal pa ito. And there are reports I said that I don't know if it's — subject to confirmation — na may bagong COVID found in Israel.

So whether we like it or not, kung totoo 'yan, it will reach again the shores of our country. So sabi ko nga 'yung Bayanihan, nagtatanong na hindi pa naubos, sinauli na sa Treasury. Pero ganito 'yan eh sana huwag na lang galawin ng Congress. If they want to legislate it, so be it. But huwag galawin 'yan kasi that is in preparation for another surge of another variant. Nagmu-mutate itong monster na ito and hindi natin malaman kung ano talaga ang katapusan nito. But I guess it would be there or here for the longest time.

Now, dito naman sa — well, this is a worry dito sa taas. As long as the fighting is contained in Russia pati 'yung Ukraine, nagbakkakan 'yan sila ngayon, it has affected everything, the supply ng oil, mahihirapan tayo kung marami na ang demand tapos ang supply, law of the supply and demand.

So kung magkakaroon ng kulang 'yung for export, dito sa ibang — for those oil producing countries — if they do not increase the output of the 'yung oil nila, there will be a crisis again of — kasi sinanction (sanction) ang Russia.

But I think they are still... Hindi ko malaman kung anong klase kasi nababasa ko naman na mayroon na namang — mayroon pa palang gas galing Russia passing Ukraine, hindi pa talaga pinutol lahat. So that remains to be a problem para sa atin because ang effect nitong giyera na ito, hindi na tayo maka — life is not normal there. Ang exports natin will be affected and ang inflation. There is an inflation everywhere kasi may gulo. And you spend more than what you can really afford would spell inflation for everybody. Ang global market factors natin is bantayan natin and I hope that this war, I said I called it a "stupid war", dapat mahinto na nila.

At this time, we choose to remain neutral. Huwag na muna tayong makialam and unless itong giyera na ito because marami namang mga assets sa dagat ang Russia pati ang Amerika marami. Nandiyan lang 'yan sila sa tabi. There are about more than 800 submarines roaming around, including our country, umiikot sila.

And for as long as they do not intrude into the 12-mile limit, wala naman tayong problema siguro. But we know that they are here and everywhere. That is how the world operates today, precisely at this moment.

So ang last ko lang anuhin, ang mga reminders. Iyong — pag-usapan natin 'yung gasolina, oil. Alam ninyo na the longer ang ano diyan giyera would not really spell a reduction of the supply.

Magkaroon talaga ng kulang-kulang dahil Russia is the biggest oil exporter, almost all of Europe depend on the langis ng Russia.

Ang nakakalabas nito, there is — sinanction (sanction). Ang sanction ito ibig sabihin, sabi ng mga Amerika pati kaalyado nila, “cut all trade.” Cultural, lahat putulin. So kung hindi na makadaan ‘yung oil diyan sa parang pipe na malaki galing Russia, dadaan ng Ukraine, tapos Ukraine sa gitna, magdi-distribute na siya, Hungary, France, lahat.

So ‘yan ang... Kung mag — sila magbili tapos kulang ang supply, ang mag-agawan niyan ‘yung may pera. So we cannot compete with — when everything goes up. Maintindihan ninyo maski — maski anong sa protesta ninyo, ‘yan talaga ang presyo ng langis, halos... I don’t know kung ilan na ang mayroon, ilan ang wala. Baka dadating ang araw hrap na tayo kasi ang supply ng oil kulang tapos ang pera natin mawalaan ng bisa rin because we are not productive anymore because of the lack of fuel.

Huwag kayo ho — kayong mga driver pati everyone, huwag kayong maghihinakit na tumataas ang presyo. Lahat, all, lahat ng sa mundo tinatamaan ngayon. Now, tayo, hindi ko masabi na bababa ang gasolina ngayon. Ang I think one liter of gasoline is about mga... [Official: 70.] 70? Ang supply? Ang supply... Ang ano ko sa — ilan ang maano natin, mawala sa atin kasi hindi natin kayang bilhin. So mata — kung mayroon man mataas kasi agawan sa presyo. Hindi naman tayo mayaman, ‘di maunahan talaga tayo. Kung may supply man, ibigay doon sa makabayad. Pagka — I do not know but hindi naman ako economics man that...

For as long as this would be stre — this quarrel will stretch, matagal pa matapos, hrap na hrap tayo. Kaya ‘yung mga ano ninyo na walang — walang langis, ganoon, i-reduce. Maski kayo na lang ang magbili, sa totoo lang. Huwag na ninyong intindihin ‘yang gobyerno, kung mayroon kayong sobra bilhin ninyo at tingnan ninyo kung gaano kamahal.

So ‘yung pagmahal ng gasolina, mahal na ring bilihin. Alam mo ito lang ang masabi ko, itong hinahawakan kong microphone, this is oil. Itong baso ko — hindi, itong sa alcohol ko, it’s oil. You know why? They are produced or manufactured inside the factories. So anong nagpapatakbo ng mga makinarya nilang gumawa nito, gumawa ng sa baso, maggagawa nito? Ay oil.

Kaya kung ang oil mawala, tataas talaga lahat pati ano ninyo. Ganoon ka-valuable ‘yung oil na kung mawala sa atin o kukulangin tayo, ang ano is magmahal ang pamasaha at ang mga production nito magmahal because they have to pay more to produce one glass. Eh ginagawa ito ng mga factory na ang ginagamit makinarya. So what is running the makinarya? Anong nagpapatakbo ng makinarya? ‘Di oil.

Kuryente, pagsaksak mo sa kuryente, saan galing ‘yan? It’s oil. The machines are operated using electricity produced by oil. Wala namang ibang ano, iyang mga planta ng gasolina. Kaya ‘yang program ng ano, tingnan nilang mabuti before you actually complain.

Iyong mga bagong sources na tina-tap ng mga oil companies bigyan ninyo pansin because it will help in the long run produce oil for the country. Sabi ko nga lahat makita mo, ito, semento, oil lahat ‘yan. And because ang oil, ang sikreto ng oil is gasolina, pagpatakbo ng mga sasakyan ninyo. And ‘yung factory gagamit ng power and the — ‘yung elektrisidad is produced by oil, ang makinarya, so lahat, taas lahat. Iyan ang dynamics para maintindihan ninyo kung bakit napakaimportante ng oil but yet we cannot dispense just oil without suffering because lahat ng ating — hindi na tayo tataakbo.

Sabihin ninyo mahal masyado ang langis, bababa. Iyang pagbaba niyan eh hindi man negosyante ang gobyerno na ipagbili niyang oil. Ang ano lang ng gobyerno na tamang-tama lang sa value ng mabili natin. Hindi naman tayo puwede magbili na libo-libong tangke ng gasolina. Eh hihina talaga. Eventually it will impact on the economy of a country. So including the mobility of people na sabi nila hindi na lang sila magtakbo because walang gasolina, oil. That happened in — bata, bata pa ako na nagrasyon ng gasolina. Ah 'yung — 'yung OPEC. Iyong OPEC organization of oil-producing countries decided to reduce the output. Sinadya nila 'yun for polit — laro ng pulitika 'yun. So there was a time na lahat ng tao bibigyan ka ng coupon para makabili ka ng gasolina at limitado. Iyon 'yung panahon na 'yun. Baka magdating tayo — magbalik tayo ng ganoong sitwasyon. I hope it will not reduce the oil because there is war.

Ako nag-aano lang na maski anong sigaw ninyo, iyan talaga ang presyo ng langis. Wala tayong magawa and every day tumataas 'yang — kasi ang supply doon sa bibilhan natin humihina na, wala na silang makuha. Then tayo, magbili man tayo dito through the outlets 'yung mga Caltex, ganoon, iyong mga broker. Iyon ang mga pagador. Sila 'yung bumili, eventually sila 'yung magawa ng makina para uma — mag-andar 'yung — *[Ano bang Tagalog sa andar?]* — gumana 'yung — gumana 'yung factory, umiikot 'yung makinarya nila para mag-produce ng — lahat, ito. I don't know if we are producing — imported itong — o dito ginawa.

Iyan ang... Hindi main — ang akin ma-simplify ko lang ng ganito para maintindihan ninyo. Hindi ako magpapasok ng mga equation sa economics mas mahirap. Pati ako hindi ko maintindihan ang sinasabi ko. Sinasabi ko lang basta 'pag walang supply o kulang ang supply, delikado 'yan. Ang makakuha, 'yung mga mayaman because they — sila man ang maka-afford ng oil. Iyong mga — tayo, may sasakyan tayo pero mataas masyado 'yung presyo ng gasolina. Mag-bus ka na lang talaga o 'yung MRT ba 'yan ni Tugade.

Magandang — buti't na lang... Ako pa sa inyo, you better learn to our practice now to ride itong mga MRT, LRT because that is — that would be the single functional move — to use to move people from one place to another, or from one point to another. So kung wala na talaga, dito na lang kayo sa train. Marami — marami pang makarga at saka malayo na ang inabot ng train dito sa ano, sa Metro Manila.

Iyan ang nangyari. I'm sorry I could not present it in a better view into sa — itong angle ng how it is played in other countries. Basta 'yun lang ang gi-simplify ko lang. What is oil? Oil is everything. Pati semento, sino naggagawa ng semento? Eh 'di 'yung cement factory. So 'yung factory anong pina — inaandar --- pinagana niya diyan? Eh 'di i-switch on niya sa electricity. Iyan ang linya ng kahirapan natin sakali hindi ito ma-resolve itong giyerang ito earlier.

So anyway, next time I could better explain the economic conditions. I'm not prepared for that. I am not — hindi ako economics, political science ako pati... Sinasabi ko ayaw niyong maniwala foreign service. Magtanong ka diyan sa ano, hindi lang — wala lang ako — hindi ako interesado sa grado, dagdag na lang 'yun kasi maraming trabaho noon sa panahon na 'yun. Remember the reparations. May — nagbayad ang — nagbayad ang Japan sa atin ng ano, tawag doon reparations. Repair ba, repair niya 'yung gina — reparations, 'yung bayad niya over the years. Nagbayad ang Hapon sa ginawa niyang destruction.

So maraming ano doon, isa ako sa nag-ambisyon kaya ako nagkuha ako ng extra course sa AB, ang extra course 'yung foreign service. Pare-pareho lang ang subject but there are — kaya alam ko 'yung presentation ng lettres de créance or letter of credence. Alam ko 'yan kasi dinaanan ko sa eskuwela.

Now, let's go to our guest who would talk about the updates of COVID-19 response and I would call Secretary Duque to do it, sir.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; and fellow Cabinet members; at higit sa lahat, sa atin pong mga kababayan; magandang gabi. At muli ako po'y magbibigay ng maikling updates, Mr. President, patungkol sa ating COVID-19.

Iyan ang unang slide po natin nitong nakalipas na Marso 15 hanggang 21 ngayong taon, mayroon po tayong nadagdag na 3,431 na bagong kaso. Ang katumbas po nito ay 490 na kaso kada araw, at mas mababa po ito kumpara sa naitalang kaso para naman doon sa nakalipas na linggo, Marso 8 hanggang 14 ngayong taon na nasa 3, 951 cases, at mayroon pong average 564 daily average cases. Sa 3,431 ngayong linggo na karagdagang kaso, 1,110 ay mula sa NCR; sumunod ang Region IV-A at 455; at Region VI naman po sa 364. At isa ang naidagdag na severe and critical case sa talaan habang 653 ang bilang ng mga karagdagang verified deaths para sa linggong ito. Ang atin pong kasalukuyang cumulative case fatality rate or CFR ay nasa 1.59 percent at nakapagtala naman tayo ng 4,571 recoveries para sa linggong ito. Sa kabuuan, umabot na po sa 97.19 percent ang pambansang cumulative recovery rate.

Para naman po sa ating national utilization rates, nasa 16.9 ang ating non-ICU bed utilization rate habang nasa 17.1 percent ang ICU bed utilization rate. Out of the 6,499 total COVID-19 admissions at the national level, mayroon po tayong 12.5 percent lamang sa mga ito ay severe at critical conditions. At panghuli, ang atin pong national 7-day moving average positivity rate ay nasa mababa, 2.7 percent nitong March 14 hanggang March 20, habang ang ating daily RT-PCR testing output ay kasalukuyang nasa 21,800 tests kada araw. So patuloy na mababa din po ang demand for testing at ito po ay nasasalamain sa mga datos na akin pong ipinakita.

[At next slide.]

Ito naman po 'yung ating usual epidemic curve. At sa nakalipas na linggo, nakapagtala tayo ng 490 average daily cases ayon sa onset ng symptoms at mas mababa po ito ng 13 porsiyento sa ating average na 564 cases per day noong March 8 to 14. Ganoon din naman ang kaganapan sa NCR ay bumaba din. At in fact, ang average daily cases natin nasa 158 na lamang at mas mababa ng limang porsiyento kumpara sa ating average na 166 cases per day noon pong Marso 8 hanggang Marso 14. At ito po consistent ang mababang trend na ito sa buong bansa.

Ano-ano ba ang dahilan kung bakit nananatili natin — napapanatili nating mababa ang ating mga kaso sa kabila ng nakikitang pagtaas sa ibang mga bansa sa rehiyon? Isa sa mga dahilan ang atin pong consistent na pagsunod sa minimum public health standards. In fact, ayon po sa monthly survey na isinasagawa ng John[s] Hopkins University, naglalaro sa 93 to 96 percent ang compliance ng Pilipinas to masking according doon po sa mga respondents na na-interview nitong nakaraang September 2021 hanggang February 2022. At sa ibabaw nito, may dagdag din po na 55 to 68 percent na mga respondents na nagsabi na sila ay nagkukusang umiwas sa pakikihalubilo sa ibang mga tao nitong huling anim na buwan.

Ikalawa sa mga dahilan ng ating mababang trends ang atin pong tumataas na vaccine coverage. And as of March 2022, fully vaccinated na ang 72 porsiyento ng ating target population. Ang katumbas po nito ay 65 million na pong mga Pilipino ang may kumpletong bakuna. At para po sa breakdown nito, 88 percent ang fully vaccinated na adults na may edad 18 to 59 years old, samantalang 75 percent ang fully vaccinated na senior citizens, at 77 percent ang fully vaccinated children edad 12 hanggang 17 anyos.

[Next slide.]

Maganda rin pong tanungin kung ano po ba ang mga karagdagang benepisyong dulot ng mask at mga iba pang bahagi ng ating minimum public health standards? Dito po sa slide na ito makikita natin halimbawa sa Europa, ang social distancing measures at iba pang mandato para sa pagpapatupad ng minimum public health standards compliance, nakatulong po ito, Mr. President, sa pagbababa ng transmission ng pertussis or whooping cough at iba pang vaccine-preventable diseases gaya ng measles sa Netherlands. Gayundin ang acute meningitis at encephalitis syndrome na bumaba ang kaso kasabay ng pagpapatupad ng lockdowns at physical distancing measures naman sa France.

Sa dako naman ng Southeast Asia at Latin America, naobserbahan ang tuloy-tuloy na pagbababa ng dengue incidence. Ito ay iniuugnay sa mobility restriction sa mga lugar na naroroon at maging sa pagsasara ng mga eskuwelahan na kung saan maaaring mabungkad ang mga lamok na nagdadala ng dengue virus.

At nakita naman sa China noong 2020 ang pagbaba ng zoonotic diseases kagaya ng H7N9 flu virus tapos ang hemorrhagic fever, rabies, anthrax, brucellosis, leptospirosis, hydatid disease, and schistosomiasis. Ito ay bunga rin ng mahigpit na pagsunod sa social restrictions noong nasabing panahon.

Panghuli na lang po, may pag-aaral rin sa Netherlands na nakita na ang MPHS ay ang — at ang pagbawal — ang pagsasara ng restaurant at mga paaralan, pagbawal sa social gathering at international travel na ipinatupad noong March 2020 ay nakatulong upang pababain naman ang insidente ng impeksiyon dulot ng salmonella and shigella.

So sa nakitang magandang dulot ng compliance sa MPHS, aming inirerekomenda, Mr. President, na huwag natin itong pakawalan. Tama po ‘yung sinabi niyo kanina, Mr. President. Thank you for underscoring the importance of our minimum public health standards. Masking, hindi pa natin po ito puwedeng pakawalan. Kinakailangan po patuloy natin sundin ang panuntunan ng atin pong Department of Health at ng IATF.

Ngayon, sa konteksto naman, sa Pilipinas naman ang paggamit — itong lokal na mga datos, naobserbahan din natin ang magandang bunga ng pagsunod sa MPHS.

[At next slide.]

Dito makikita, tingnan ang kaso ng dengue. Itong una, ‘yung yellow epicurve ng dengue, ito po ay taong 2019. Samantalang ang ‘yung gray line, ‘yan po ay 2021 na mga kaso ng dengue. At ‘yung blue broken lines na kulay blue, ‘yan po ay taong 2020 ‘no.

At ito, makikita natin sa baba noong 2020, 2021, malaking ibinaba ng kaso ng dengue kumpara doon sa 2019 or pre-pandemic levels. At ganoon din naman ang nakita sa mga iba pang mga sakit katulad ng acute bloody diarrhea cases. Ang laki din po ng ibinaba from 500 on the average per cases for each of the morbidity weeks. Eh halos 200 lang ang nakita noong 2019 and 2020.

So ganoon din po for acute meningitis and encephalitis syndrome cases at ganoon din po sa pertussis cases. So ibig sabihin lang nito, Mr. President, ang laki ng value add ng ating minimum public health standards hindi lang laban sa COVID kundi laban sa marami pang mga ibang sakit.

Kaya iyan po ang magandang naging epekto ng ating disiplinadong pagsunod sa minimum public health standards at sa kabuuan po, ang akin pong last slide, Mr. President, ay ang number one — *[next slide]* — ang good news ay nananatiling nasa minimal risk ang ating case classification at nasa low risk naman ang ating healthcare utilization rates.

Pangalawa, higit pa sa pagbaba ng kaso ng COVID ang minimum public health standards ay nakitang nakatulong rin sa pagbaba ng mga naitalang kaso ng dengue, acute bloody diarrhea, pertussis or whooping cough, at acute meningitis and encephalitis syndrome or AMES sa ibang bansa maging dito sa ating bansa.

Upang ating maipagpatuloy ang pagbaba ng mga kaso ng COVID-19, kinakailangan po nating panatilihin ang pagsunod sa MPHS at paigtingin ang pagbabakuna.

So muli, tayo po'y nanawagan, Mr. President, ang mga hindi pa nababakunahan, magpabakuna na po kayo ng inyong primary series at para naman sa mga nakumpleto na ang primary series ay siguraduhin makakuha na rin po kayo ng booster doses sa takdang panahon, tatlong buwan matapos po kayong mabakunahan ng ikalawa sa inyo pong primary series.

So ito na lamang po magtatapos ang akin pong ulat, Mr. President. Handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan. Salamat, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. Now, I call Secretary Carlito Galvez. Updates on the National Vaccination Program.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea, Sir Bingbong; fellow Cabinet members; mga kababayan, magandang gabi po.

According to Dr. Edsel Salvaña in his latest Facebook article and he asked that "*Why are Philippine case rates so low when everyone else in the world is spiking?*" So iyon po ang tanong niya.

[Next slide, please.]

Looking at this graph, we can see that South Korea, Viet Nam, UK, France, and Germany COVID cases are on the rise while the Philippines was able to control its cases below 1,000 for several weeks now. At ang report nga po ni Sec. Duque kanina ay iyong last week nasa less than 500 na po tayo, Mr. President.

[Next slide, please.]

According to the Boston Consulting Group (BCG) model, it suggests that the Philippines might have a stronger immunity wall due to the following factors in which Dr. Salvaña also agrees. Number one is 'yung type ng vaccine na ginagamit po natin at na-deploy po natin.

Unlike other countries, they rely on only one platform like mRNA or inactivated platform. The Philippines have a portfolio of eight different types of vaccines using almost all of the various platforms, and we have proven that all of these vaccines are effective. At maganda rin po ang

timing po ng mga deliveries dahil po noong nag-deliver po tayo ng maraming vaccine ay noong marami po tayong surges.

Number two, iyong vaccination and boosters rates. Our timing in vaccination is very excellent. We have done the massive vaccination at the time that there were surges and we immediately decided to administer boosters three months after the primary series.

Meaning, iyong ating mga vaccine po ay talagang fresh noong during time na nagkaroon po tayo ng tinatawag natin na mga variants. Meaning, iyong atin pong mga vaccine ay matataas po ang efficacy at wala pong tinatawag nating waning effects.

Number three, iyong natural immunity. Ito po 'yung sinasabi po lagi ni Sec. Duque na according to our expert, our Omicron spike was B.2, meaning iyong tumataas sa ibang country tapos na po tayo sa awa ng Diyos dito sa variant pong ito. We suffered several waves of surges. In the end, nakatulong pala ito sa immunity. Notwithstanding also na ang ating mga kababayan ay naging resilient at ang kanilang strong observance sa masking at saka 'yung minimum health standard ay malaki po ang naitulong para sa another layer of protection.

[Next slide, please.]

Ang nakita rin po natin iyong strength ng ating vaccination, eh 'yung ating mga strategy na mga ginamit. Noong kakaunti pa lang po ang ating bakuna, Mr. President, ibinuhos po natin 'to sa karamihan ng mga vaccines sa NCR, Region IV-A, Region III, Region VII, Region XI, and other vulnerable cities with experienced resurges kasi kung iano po namin noong — noong kino-compute po namin ni Sec. Vince at saka ni Sec. Duque, kung idi-disperse po natin ito sa buong bansa ay wala po itong magiging effect kasi kakaunti lang po ang makukuha per regions.

At karamihan po — kung hindi po dito, tulad ng NCR ay may more than 100 fully vaccinated na po tayo at ang iba pang mga matataong lugar at condensed areas ay mahigit na sa 80 percent pati na ang mga seniors.

And then thirdly, the national government maintains strategic focus on the vulnerable sectors. Nakita po natin si Sec. Duque talagang sabi niya huwag nating bitawan at iwanan ang ating mga vulnerable senior citizens kasi ito 'yung tinatawag natin na magli-lift sa atin ng burden of disease at saka burden of death.

So wala po tayong iniwan sa ating A1 healthcare workers at saka ating mga medical professionals na mayroon na tayong coverage na 93.84 percent fully vaccinated at 47.48 boosted na rin po sila. At nakita po natin na more than 101 percent na po ang first dose po nila.

Sa seniors po naman, 78.65 percent na po ang ating first dose at 75.31 with second dose na po. At nakita po natin na dito pong sa Hong Kong, kaya po talaga mayroong mataas na kaso at mataas po ang kanilang fatalities ay mababa po 'yung percentage ng vaccination ng kanilang mga seniors, more or less 33.33 percent lang po.

At sa ating A3, iyong people with comorbidities, napakataas na rin po ang ating coverage with 98 percent first dose at 93 percent with second dose. At tingnan din po natin na iyong ating mga adult persons from 18 to 59 years old ay 93.72 percent na rin po ang may first dose at 88 percent ang may second dose.

For 60 years and above, ito po 'yung mga tinatawag nating very vulnerable sector: 78 percent po ang ating first dose at 75 percent na rin po ang ating second dose. Ang kagandahan lang po dito, mas mataas po ang ating coverage or percentage doon po sa mga tinatawag nating urban centers at saka mga vulnerable areas.

Mataas na rin po ang ating vaccination rate sa 12 to 17 years old with 85 percent first dose and more than [77] percent ang second dose at humahabol na rin po 'yung ating 5 to 11 na almost 1.5 million na po ang nababakunahan ng first dose.

[Next slide, please.]

Kung titingnan din po natin, Mr. President, 13 regions na ang mahigit na 70 percent ang may first dose at ang seven regions naman po ay may more than 70 percent na fully vaccinated. Dalawang regions na lang ang mababa: ang BARMM at ang Region XII.

At gagawin po nila Usec. Myrna at saka ni Sec. Vince ng National Vaccination Operations Center ay pagtutulungan ng Region X ang Lanao del Sur at Marawi, while iyong Region IX ay tutulong naman po sa Basilan, Sulu, at Tawi Tawi areas. At ang Region XII ay tutulong din po sa Maguindanao at sa mainland area. Iyon po ang napag-usapan po natin sa National Vaccination Operations Center.

Following the directive of Secretary Duque, pagpupursigihin pa rin po natin na maabot ang ating target na mabakunahan ang 90 million na mamamayan. Seventy million na po sa ating mga kababayan ay nakatanggap na po ng at least one dose. These represent 78.10 percent, while higit sa 65 million ang may two doses na or 72.41 doses.

[Next slide, please.]

Sobrang mababa pa rin ang ating boosters na nasa 11.5 million pa lang. Kung titingnan po natin ang ating demography, iyong almost na 20 million, ang ating natitirang babakunahan ay nasa pediatric sector.

[Next slide, please.]

Dahil po sa ating pagsusumikap na maiangat ang antas ng vaccination, 48 areas na po ang under Alert Level 1 kasama na ang NCR at majority ng provinces ng Region III, Region IV-A, Region I, Region II, and Region VI.

Atin pong hinihiling sa ating mga LGUs and stakeholders na paigtingin pa rin natin ang pagbabakuna sa lahat ng lugar sa Pilipinas para ito ay sumailalim sa Alert Level 1 sa madaling panahon which is ito ang gusto po ng ating economic sector para maka-recover po tayo.

[Next slide, please.]

In order to maintain a strong wall of protection, kinakailangan i-sustain natin ang ating effort na ma-achieve natin ang at least 80 percent vaccine coverage sa ating mga seniors and most vulnerable people.

Pataasin din natin po ang booster coverage lalo na sa urban and economic centers.

Number two, ico-concentrate po natin ang future special vaccination sa BARMM at gagawa na po tayo ng special vaccination sa BARMM, Region XII, Region VII, and Region XI to reach our threshold for protection of at least 70 percent.

Isu-sustain po natin ang programa or ishi-ship ang focus natin sa bakunahan sa job sites, terminals, convergence areas, sa churches, sa eco center, at purok at barangay and public-private clinics kasi po nakikita po natin 'yung mga vaccination center po natin na nasa malls ay talagang hindi na po napupuntahan.

For pediatrics, ifo-focus na lang po natin sa mga estudyante na magfa-face-to-face classes for ages 5 to 17 at obserbahan na lang po natin 'yung edad na kung kinakailangan bakunahan ang edad na 0 to 4. Base sa presentasyon ni Father Nic Austriaco, ang US ay hindi pa nagsisimula sa kanilang pinag-aaralan kung talagang kailangan pang bakunahan ang 0 to 4. Kung darating ang panahon na magdedesisyon tayo na maghihintay tayo ng panahon, bababa ang ating target sa 80 million dahil mahigit na 10 million na ang mababawas sa 0 to 4 years old.

[Next slide, please.]

Mga kababayan, para sigurado po tayong tuloy-tuloy ang pagbaba ng kaso, magpabakuna na po tayo at magpa-boosters na po tayo sa madaling panahon.

Before I end, sir, Senator Bong Go, sir, nagpapasalamat po ang J.B. Lingad dahil binigyan niyo po ng 100 million na ano po — at napaka... Sinabi po nila kahapon, binisita ko po 'yung J.B. Lingad, ito po 'yung isang pinaka — isa sa mga referral hospital po natin sa COVID. Nagpapasalamat po sila at ang laki raw ng tulong ng Malasakit Center. Happing-happy po sila dahil kasi talagang nagagamit po nila 'yung pera, iyong 100 million para matustusan 'yung marami po na mga non-COVID cases na marami pong nasa ospital ngayon.

Senator Bong Go, maraming-maraming salamat daw po. Mr. President, maraming salamat daw po.

PRESIDENT DUTERTE: Secretary Año would be the... Go ahead please.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow Cabinet members; mga kababayan, magandang gabi po.

Ang unang-una ko pong iuulat, Mr. President, ay ang update po doon sa ipinamimigay nating ayuda ng naapektuhan ng Typhoon Odette. Ito po ang — sa anim pong rehiyon na ipinag-utos ninyong bigyan ng ayuda na nagkakahalaga ng 4.8 billion ay nakapagpamahagi na tayo ng 4.15 billion na umaabot po sa 85.52 percent.

Ang total po ng beneficiaries na nakatanggap ay nasa 4,010,092 individuals. At ang ginawa po rin natin sa mga LGUs na medyo mabagal ang pagbibigay ng ayuda ay pinadalhan natin ng show cause orders. Ito po ay umaabot sa 48 LGUs, tatlo sa MIMAROPA, 16 sa Region VI, 13 sa Region VII, at 16 po sa Region VIII.

Pagpapaliwanagin natin ang mga LGUs na 'to bakit hanggang ngayon ay hindi pa rin natatapos ang pagbibigay ng ayuda sa ating mga kababayan.

[Next slide, please.]

Sa patuloy na pagbaba ng mga kaso ng COVID-19, makikita po natin sa buong bansa na kakaunti na lamang din po ang under sa tinatawag nating granular lockdown.

Sa kabuuan ay tatlong city or municipality na lamang o limang barangay ang mayroong granular lockdown at ito ay pito — pitong granular lockdown at makikita po natin sa NCR ay dalawa na lang. At pitong households at pitong individuals ang naapektuhan.

So sana po ay tuloy-tuloy lamang ang ating pagbaba ng kaso sapagkat ang ating bansa na nasa Alert Level 1 na ang karamihan ng LGUs ay nagkaroon ng pagkakataong maiangat muli ang ating mga economic activities.

[Next slide, please.]

Kasabay naman ng ating pagbaba ng numero ng kaso ay siya rin naman ang paghihigpit natin sa pagpapatupad ng ating minimum health standard. Kaya makikita po natin sa loob ng dalawang linggong dumaan ay medyo tumaas ang mga nahuli nating nagva-violate ng face — not wearing face mask. Umabot sa 90,585 at ito po sa mga mass gathering ay mayroon pa ring 931 at 34,000 naman sa mga unnecessary violation ng no physical distancing.

[Next slide, please.]

At ito naman po, Mr. President, ay isa sa pinakaimportanteng ulat natin ngayong gabi. Ito po 'yung ating patuloy na paggagawa ng illegal — ng anti-illegal drug operations or effort ng ating mga law enforcement agencies.

Ang ating mga law enforcement agencies po ay nakapagsagawa ng 1,794 anti-illegal drug operations mula March 6 hanggang 19, 2022, 2,471 na mga individual ang kanilang naaresto kabilang na dito ang isang Chinese national kasama ang isang Pilipina naaresto noong March 8 sa Barangay Karuhatan, Valenzuela City na umabot ng 160 kilos ng shabu at nagkakahalaga ng P1 billion.

At ito po ang pinakaimportante, ang 12 billion worth of shabu naman na nasabat ng pinagsanib na pwersa ng NBI, PDEA, PNP, at AFP, sa Infanta, Quezon noong March 16, 2022 at sampung katao rin po ang naaresto dito.

At dito po makikita po natin na umaabot ng 1,600 kilos or 1.6 tons na shabu na umaabot ng 12 billion ang nasakote ng ating mga law enforcers. At sa pinagsanib po na — at sa kabuuan po ay makikita natin na 1,700 kilos na shabu at 421.5 kilos na marijuana naman po ang nasamsam natin na umaabot ng P13.2 billion.

Mr. President, ito po ang pinakamalaking nahuli sa entire Philippine history in one time na pagkakasakote sa illegal drugs. At patuloy pa rin po nating paiigtingin ang ating kampanya laban sa illegal drugs, Mr. President, sapagkat gusto po nating tuloy-tuloy ito upang siguraduhing ligtas ang ating mga kababayan sa masamang dulot ng illegal na droga.

Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, Secretary Año, 'yung haul — 'yung ngayon, the biggest haul so far, hindi masyado ano eh — hindi masyado naintindihan ng tao basta na lang may

shabu. Ang ano dito 'yung nahuli ng gobyerno. Ang problema ko, 'yung mga hindi nahuli or 'yung...

We will be going out in a few days just about three months from now. Diyan ako na — isa sa mga — just shooting the breeze with everybody. Iyong paano natin masugpo talaga itong duru... Ako sa totoo lang kung nalaman ko itong ganito, pinapatay ko na lang ito lahat. Itong prangka-prangka pagka... Biro mo ang ginawa ng — 'sus, worth 10 billion? So ilan ang — nakita ko doon sa footage, 'yung presentation mo, grabe karami. So sino ang end user nito? Ang Filipino people and this will continue to — drugs would haunt us today, tomorrow, and malayo pa.

I hope to — pagka makausap ko kung matapos na ang elections and a new president shall have been elected, I said there's a time for us to — me to bring, invite him to dito, ito siguro ang sasabihin ko sa kanya, patayin mo talaga itong mga...Ano ang...

Kung mapunta ito doon sa street level, doon sa mga basurero, maraming na namang Pilipino na ano. Ang problema nito, it induces insanity sa tao kaya... Ito papatayin na naman, 'pag walang mga pera mag-holdup, lahat na. At ang — multiple ang problema dito.

Sige, let us go and look for them, hunt them down. *[applause]*

— END —